# 1

Panay ang tingin ni Camille sa kanyang wrist watch. May usapan sila ni Johann na iti-treat siya nito ng pizza ngunit hanggang ngayon ay hindi pa rin ito dumarating. Alas tres ang usapan nila pero alas seis na ay wala pa rin ito. Nasaan na ba ang lalaking iyon? Nang puntahan naman niya ito sa bahay nito, na kalapit lamang naman ng sa kanila, wala raw ito at may pinuntahan, ayon na rin sa maid.

"Baka nakalimutan na ni Johann ang usapan n'yo. Siguro kasama noon ngayon ang girlfriend niya," nakangising tukso ng Yaya Trining niya.

Inirapan niya ito. "Walang girlfriend si Johann, Yaya. And if ever na magkakaroon siya, ako 'yon!" mariing pahayag ni Camille. Very vocal siya sa pagpapahayag ng kanyang paghanga sa binata kahit pa nga nine years ang tanda nito sa kanya. At thirteen, tiyak na tiyak na niya sa sarili na hindi lamang puppy love ang nadarama niya para rito. She was in love with Johann. At true love niya ito.

Bumungisngis ang mas nakatatandang babae. "'Sus, para namang liligawan ka n'on, eh, ang bata-bata mo pa naman. Saka bago ka pa magdalaga,

baka may asawa na si Johann. Kaya kung ako sa iyo, sa iba na lang ako magkaka-crush!"

"No way!" aniyang padarag na naupo. Naiinip na siya sa paghihintay sa binata.

Hindi niya matatanggap na may magiging kaagaw siya kay Johann.

Napalingon siya nang marinig ang malakas na tawa ng Ate Vicky niya. Parang malalaglag ang puso niya mula sa kinalalagyan niyon nang makitang kahawak-kamay nito ang lalaking kanina pa niya hinihintay.

"Hi, Camille! Heto'ng pizza na promise ko sa iyo," nakatawang sabi ng binata nang iabot sa kanya ang isang box ng pizza.

"Masarap iyan, sis, ang dami nga naming nakain ni Johann, eh," anang kapatid niya.

Napaawang ang mga labi niya. Ang sabi sa kanya ni Johann ay iti-treat siya nito ng pizza, hindi papasalubungan. Inaasahan niyang magdi-date sila ni Johann, pero bakit ang Ate Vicky niya ang naging ka-date nito?

Pinaasa lamang naman pala siya nito sa wala. Inis na inis siya lalo pa at nakita niyang pangisi-ngisi

ang kanyang Yaya Trining na para bang sinasabi ng mga ngiti nito. *"Ano, maniniwala ka na? Ikaw naman kasi, umaasa ka pa kay Johann, eh hindi ka naman papatulan noon dahil batang-bata ka pa. May gatas ka pa sa labi."* Parang ganoon ang ibig nitong sabihin.

"Wala akong gatas sa labi!" malakas na sigaw niya. Kunot-noong napatingin sa kanya sina Johann at Ate Vicky niya. Takang-taka ang mga ito. Umiiyak na tumakbo siya sa kanyang silid.

"Ano'ng problema ng batang iyon?" narinig pa niyang tanong ng kapatid niya sa kasambahay.

---

Nagkulong sa kanyang silid si Camille. Masamang-masama ang loob niya kay Johann at sa Ate Vicky niya.

Bakit naman kasi nahuli siyang ipinanganak? Sana siya na lamang ang naging ate para hindi na maalangan ni Johann na ligawan siya.

At ang Johann na iyon, hindi ba nito napapansin na dalaga na siya? Heto nga at marunong na siyang umibig. Bakit hindi nakikitang lahat ng binata ang magagandang katangian niya?

Mahal niya si Johann.

Mahal na mahal.

Hindi na niya matandaan kung kailan nagsimula ang damdamin niyang ito para sa binata. Basta nagising na lamang siya isang umaga na umiibig dito. At simula noon ay hindi na siya tumigil sa pangangarap na isang araw ay magtatapat din ito ng damdamin para sa kanya… at umaasa pa rin siya hanggang ngayon.

---

"Ang tagal-tagal ko nang nanliligaw sa iyo, since grade school pa tayo ay nililigawan na kita. Ngayon, pareho na tayong graduate ng college, electrical engineer na ako, nurse ka na, hindi mo pa rin ba ako sasagutin?" Nakapangalumbaba si Johann sa harap ni Vicky habang hinihintay ang tira ng dalaga. Naglalaro sila noon ng scrabble sa salas ng bahay ng mga Francisco.

Nginitian lang siya ng babae. "Alam mo, Johann, guwapo ka. Crush ka nga ng lahat ng mga kaibigan ko. Pero nasanay na kasi ako sa simula't sapul pa na palagi na tayong magkasama kaya parang kapatid na ang turing ko sa iyo. Saka alam mo naman kung sino'ng type ko, hindi ba?"

Umasim ang mukha niya.

"Si Dr. Cortez? Ano ba'ng nagustuhan mo doon sa patpating doktor na iyon? Bakit ba patay na patay ka doon, mukha namang may asawa na ang lalaking iyon."

"Kaya ko nga siya type, eh. Parang he's hard to get…" Nangalumbaba pa ito at tumitig sa kawalan na parang inaalala ang anyo ng doktor.

"Ewan ko, hindi kita maintindihan. Nasaan na ba ang kapatid mo at siya na lang ang kakausapin ko?"

"Sumama kay Mommy sa grocery, saka hindi ka noon kakausapin. Nagagalit pa rin iyon sa iyo kasi nangako kang iti-treat mo siya ng pizza!"

"O bakit, hindi ba gan'un nga ang ginawa ko?"

"Pero ang expected niya, kayo ang kakain sa labas." Napatawa ito. "Ikaw naman kasi, eh. Alam mo namang crush na crush ka ng kapatid ko."

Para namang hindi niya narinig ang sinabi nito. "May duty ka ba bukas?"

"Oo." Nakatutok ang mga mata nito sa mga letrang nakalatag sa scrabble board.

"Anong oras ang labas mo?"

"Eleven ng gabi."

"Good. Ako'ng susundo sa 'yo ha?"

"Alam mo, Engr. Paez, kung bakit ayaw akong ligawan ni Dr. Cortez? Kasi akala niya siguro boyfriend kita. Palagi niyang nakikita na sinusundo mo ako." Isa-isa nitong inilatag ang mga letra sa board.

"Di mabuti para hindi ka na pagtangkaang ligawan ng patpating doktor na iyon!" anang binatang nakakunot pa ang noo.

"Hindi po mabuti iyon, 'no!"

---

"Camille..."

Parang walang narinig ang dalagita. Dere-derecho siya sa paglalakad. Dalawang araw na niyang hindi iniimik si Johann. Kahit pa nga nahihirapan na siya sa ginagawa niya, tinitikis niya ang sarili. May kasalanan ito sa kanya kaya dapat lang na suyuin siya nito nang matagal.

Itinigil ni Johann ang pagdidilig ng mga halaman sa bakuran ng mga ito at sumunod sa kanya. Tuluy-

tuloy ito papasok sa gate nila.

"Camille, hindi mo pa rin ba ako kakausapin, ha? Bakit ba galit na galit ka sa akin? Hindi mo ba type iyong pizza na pasalubong ko?" malambing na tanong nito.

Binuksan niya ang pinto ng kanilang bahay at nagmartsa siya papasok doon. Nakabuntot pa rin sa kanya si Johann. Sa loob-loob niya, kinikilig siya. Mistula iyong isang romantic scene sa pelikulang napanood niya kung saan sinusuyo ng binata ang bidang babae.

Pero hindi siya nagpapahalata. Hindi pa rin siya kumibo.

"Kung gusto mo, bukas, kapag wala na akong trabaho, iti-treat kita ng ice cream."

"May pasok po ako bukas!" Nakarating na sila sa salas at papasok na siya sa kusina.

"Di pagkatapos ng klase mo. Kung gusto mo, ako pa ang susundo sa iyo."

Bahagya siyang natigilan. Tama ba ang narinig niya? Susunduin siya ni Johann sa school?

Tuluyan nang lumambot ang puso niya para dito. Mabilis na nilingon niya ito. "Promise mo iyan

ha?"

Itinaas ni Johann ang kanang kamay. "Promise!"

Napangiti siya. Ngayon pa lang ay excited na siya.

"Ang ibig bang sabihing niyan ay magkabati na tayo?"

Tumango siya rito.

# 2

"Camille, ano ka ba, baka nag-aalala na sa atin ang mommy mo, kaninang-kanina pa tayo rito."

"Nagpaalam ako kay Mommy, Yaya. Alam niyang susundin tayo ni Johann," aniyang palinga-linga. Nasa waiting shed sila sa tabi ng gate ng eskuwelahan nila. Kanina pa nagsipag-uwian ang mga classmates niya. At mag-iisang oras na niyang hinihintay si Johann.

"Paano kung hindi na dumating iyon?"

"Darating iyon, nangako siya sa akin. Baka na-traffic lang," sabi niya, kahit pa nga duda na rin siya roon. "Mauna ka na kayang umuwi, Yaya?"

"Hindi kita puwedeng iwan dito, mapapagalitan ako ni Sir kapag umuwi ako na hindi ka kasama." Naupo ito sa tabi niya. "Mabuti pa, umuwi na tayo pareho. Hindi ka ba naawa kay Mang Ambo? Kanina pa naiinip iyong tao sa kotse. Saka baka maipit na tayo sa traffic niyan," reklamo nito. "Umuwi na tayo."

"Kulit mo naman, eh. Darating si Johann, hindi puwedeng hindi."

---

Napapabalikwas ng bangon si Johann nang maalala ang pangako niya kay Camille. Natapik niya ang noo nang makita kung anong oras na. Nagmamadali siyang nagbihis at sumakay sa kanyang kotse. Hindi puwedeng hindi niya tuparin ang binitiwan niyang pangako kay Camille dahil tiyak na magtatampo na naman ito sa kanya.

Ayaw na ayaw pa naman niya kapag sumasama ang loob nito sa kanya. Ito ang kapatid na kahit na kailan ay hindi siya nagkaroon.

Mabilis niyang pinasibad ang kanyang sasakyan. Napa-make face siya nang makita ang traffic na kailangan niyang suungin.

---

"Ano, maghihintay pa ba tayo?" mahinang tanong ni Trining kay Camille.

Mahigit tatlong oras na nilang hinihintay si Johann. Kumakalam na ang mga sikmura nila. Panay na ang busina ni Mang Ambo, kung maaari nga lamang ay baka iniwan na sila nito.

Nangilid ang luha sa kanyang mga mata. Hindi niya maintindihan kung bakit kailangan pa siyang

pangakuan ni Johann upang biguin lamang naman.

Ano ba ang akala nito sa kanya? Hindi marunong masaktan? Thirteen years old nga lang siya, marahil ay bata pa sa tingin nito at ng nakararami. Pero may damdamin din naman siya.

Nasasaktan siya kapag ganitong binabalewala lamang siya ng isang taong mahalaga para sa kanya.

Tumayo siya. "Uuwi na tayo, Yaya," matamlay na sagot niya. Hindi na niya napigilan ang pagpatak ng kanyang luha.

---

"Camille, please… kausapin mo naman ako o, magpapaliwanag ako," narinig niyang pakiusap ni Johann sa labas ng kanyang silid.

Kahit anong gawin nitong pagsusumamo ay hindi niya ito pinagbubuksan. Uutuin lamang naman siya nito. Pangangakuan na naman pagkatapos ay hindi uli tutuparin.

Dumapa siya sa kanyang malaking kama at niyakap ang stuff toy na regalo nito noong birthday niya.

Ilang sandali pa at tumigil na rin si Johann sa pagkatok sa pinto niya. Mayamaya pa ay narinig

niyang kausap ito ng Ate Vicky niya. Nagtatawanan ang mga ito.

Pinahid niya ang luha at binuksan ang bintana ng kanyang silid. Mula roon ay natatanaw niya ang kanilang terrace kung saan naroroon ang kapatid at si Johann.

Gusto niyang batuhin ang binata. Paano niya paniniwalaan ang sincerity nito sa paghingi ng sorry sa kanya kung ganoong nakita lamang nito ang ate niya ay lumuluwang na kaagad ang ngiti nito? Na tila tuluyan nang nakalimutan na may kasalanan pa ito sa kanya…

"Camille, anak..." tawag ng mommy niya sa labas ng pinto.

Dali-dali niyang pinahid ang kanyang luha saka pinagbuksan ang ina. Bakas ang pag-aalala sa anyo nito nang tingnan siya.

"Ayaw mo raw kumain, sabi ni Trining. May dinaramdam ka ba, ha, bunso?" tanong ng inang si Mary.

Umiling siya.

Hindi rin naman siya maiintindihan nito kapag ipinagtapat niya ang sakit ng kalooban na nadarama

niya. Lahat sila ay ayaw seryosohin ang problema niya.

Hanggang ngayon, ang tingin sa kanya ng lahat ay isang batang paslit na walang karapatang ma-in love.

Sino ba ang nagsabing hindi pa puwedeng makaramdam ng true love ang isang thirteen years old?

All is fair in love and war. At wala ring pinipiling edad ang pag-ibig.

"Eh, bakit ayaw mong kumain?" Hinagip nito ang baba niya. "Saka bakit inaaway mo na naman daw si Johann, ha, bunso?"

"Mom, please stop calling me bunso," nakasimangot na sabi niya sa ina. Hindi naman bunso ang pangalan ko." Nagmamaktol siyang naupo sa kanyang kama, niyakap niya ang isang malaking unan. Nakasimangot pa rin siya.

Napailing si Mary. "Mukhang sinusumpong na naman ang anak ko, ah. Why, meron ka bang ipinabibili sa daddy mo na hindi niya binili? You want a new Barbie doll? A new dress?"

"Mommy, two years na akong hindi naglalaro

ng Barbie doll!"

"What do you want? Para masabi ko kay Daddy?"

"Nothing," mahinang sagot niya. Kung sana nga ay isang bagay lang si Johann na puwede niyang ipabili sa mga magulang.

---

"Peace na ba tayo?" tanong ni Johann nang sa wakas ay harapin ito ni Camille. Tinanggap ng dalagita ang ice cream na dala nito para sa kanya.

Hindi siya sumagot.

"Oy, ang ale, naggagalit-galitan pa..." tudyo nito, lalong sumingkit ang mga mata sa pagngiti kaya lalong nagpaguwapo rito.

Napangiti siya.

"'Ayan, ganyan, palagi kang ngingiti para mas lalo kang gumanda."

Binuksan niya ang ice cream at sinimulang kainin.

"Sorry talaga kung hindi ako nakarating sa date natin ha? Actually, humabol ako, pero nakaalis ka na. Kasi naman naipit ako sa traffic," paliwanag nito. Nangalumbaba ito at pinanood siya habang

kumakain.

"Kasi naman kung umalis ka nang maaga, hindi ka male-late. Ganyan ka ba sa mga nagiging girlfriend mo? Pinaghihintay mo sila nang matagal?"

"Hindi, ah!"

"Ibig mong sabihin, ako lang ang ini-indyan mo?"

Napakamot ito sa ulo. Parang nawalan na siya ng ganang kainin ang ice cream. Tinitigan niya ang kaharap.

"Hindi mo ba ako puwedeng ituring sa girlfriend mo?"

Ngumiti ito, hinawakan ang baba niya. "Alam mo, kung dalaga ka na sana, ikaw na ang niligawan ko. Kaso masyadong malayo ang agwat natin. Isipin mo noong ipinanganak ka, nagbibinata na ako? Hindi ka ba nandidiri d'on?"

"Nine years, hindi naman masyadong malayo ang agwat na iyon, ah. Iyong iba nga diyan, twenty years pa ang gap…"

"Camille, kapag dalagang-dalaga ka na, mare-realize mong kalokohan lang lahat ito. Baka nga sabihin mo pang, 'nagka-crush ako kay Johann,

bakit?'"

"Sino ba'ng me sabi sa iyong crush lang kita? I am in love with you!"

Tinawanan lamang nito ang sinabi niya.

"Camille, lilipas rin iyang infatuation mong iyan."

"Hindi mangyayari iyon, Johann. Alam kong pang-forever ang damdamin kong ito para sa iyo."

Napatitig ito sa kanya. Nawala ang ngiti sa mga labi. Mayamaya ay napailing.

---

Nagising si Camille sa malakas na sigaw ng kanyang ama mula sa salas. Napatakbo siya patungo roon.

Nakita niyang pigil-pigil ng mommy niya ang daddy niya sa braso habang ang ate naman niya ay iyak nang iyak.

"Papuntahin mo rito ang hayup na ama ng batang dinadala mo, gusto ko siyang makausap," nanginginig sa galit na sigaw ni Felix sa kanyang kapatid.

Tumango lang ang kanyang ate.

Napabuntong-hininga nang malalim ang lalaki. "You disappointed me, Vicky. Sinayang mo ang pagtitiwala ko sa 'yo." Iyon lang at nagmamadali nitong iniwan ang mag-ina sa salas.

Nilapitan naman ni Mary si Vicky. "Bakit kailangang mangyari pa ito, anak? Kahit naman kailan ay hindi kami nagkulang ng daddy mo sa pangangaral sa iyo, hindi ba?"

"Mommy, nagmamahalan kami ni Roland. Pakakasalan naman niya ako," sagot ng kapatid niya sa pagitan ng paghikbi.

Natigilan si Camille. Si Johann kaagad ang naisip niya. Alam niya kung gaano nito kamahal ang ate niya. Tiyak na masasaktan ito kapag nalaman nitong mag-aasawa na ang dalaga.

# 3

Ang dapat sana ay matuwa si Camille. Ikakasal na ang Ate Vicky niya at hindi si Johann ang mapapangasawa nito.

Ngunit habang nakikita niyang naghihirap ang kalooban ni Johann ay hindi niya magawang matuwa. Nasasaktan siya sa sakit na pinagdaraanan ng binata.

Dahan-dahan niya itong nilapitan. Busy ito sa pag-inom ng alak kung kaya hindi siya nito napapansin. Simula nang makarating dito ang balita na mag-aasawa na si Vicky ay hindi na ito dumadalaw sa kanila, kung kaya siya na ang pumunta sa bahay nito. At hindi nga siya nagkamali—naglalasing ito katulad ng ibang mga lalaki kapag nabibigo sa pag-ibig.

"Mahal na mahal mo talaga si Ate, ano?" Gulat na nilingon siya nito. Naupo siya sa silyang bakal. "Ewan ko ba d'un kung ano'ng nagustuhan niya sa patpating doktor na iyon." Tinitigan niya ito. "Dapat ba talagang maglasing kapag nabibigo sa pag-ibig?"

Hindi ito umimik.

Sinamantala niya ang pagkakataong iyon para pag-aralan ang anyo nito. Hindi pa rin siya makapaniwalang hindi ito nagustuhan ng kapatid niya. Kung sa kaguwapuhan rin lang naman ay walang binatbat ang magiging bayaw niya rito.

"Magpapakatandang binata ka ba kasi mag-aasawa na ng iba si Ate?" mahinang tanong ni Camille.

Nagkibit-balikat ito.

Lumunok siya, umayos ng upo, saka muling tumitig dito. "Magkamukhang-magkamukha naman kami ni Ate, ah. Sabi nga ni Yaya Trining, baka raw kapag nagdalaga ako mas maganda pa 'ko sa kanya..."

Muli itong lumagok ng beer. Parang hindi siya naririnig.

"Alam mo kung ako sa iyo, hintayin mo na lang akong mag-eighteen. Siguro naman by that time, hindi ka na mag-aalangang ligawan ako."

"Pupunta na ako sa Amerika," sa wakas ay sabi ni Johann. Napaawang ang mga labi ng dalagita. "Approved na ang visa ko kaya susunod na ako doon kina Mama. Tatapusin ko lang ang mga natanguan kong projects. Siguro bago matapos ang buwang ito,

aalis na ako."

Hindi na niya napigilan ang pagpatak ng kanyang luha. Napakalayo ng Amerika. Paano pa niya masusundan doon si Johann?

"D-dahil ba mag-aasawa na si Ate kaya ka aalis?"

"Minahal ko ang ate mo. Umasa akong isang araw ay matututuhan rin niya akong mahalin." May pait sa mga labing napangiti ito. "Hindi pala."

"Kaya ka aalis?" umiiyak na tanong niya. "Paano naman ako?"

"I-email naman kita," pilit ang mga ngiting sagot ng binata.

Umiling siya. "Huwag ka nang umalis please? Promise, hindi na kita aawayin. Hindi na rin kita kukulitin, basta huwag ka nang umalis…" Hindi niya ma-imagine kung paano na ang kanyang buhay kapag nawala na ang kanyang Prince Charming.

"Promise me, hindi ka aalis?"

Sa halip na sumagot ay niyakap siya nito. Humagulhol siya nang humagulhol sa dibdib nito.

---

Habang ikinakasal si Vicky ay iyak nang iyak

si Camille. Hindi ang kasal ng kapatid niya ang ipinagdaramdam niya kundi ang katotohanang bukas na ang alis ni Johann patungong Amerika.

It was unfair of Johann. Bakit kailangan pa nitong umalis? Bakit ayaw nitong pakinggan ang mga pakiusap niya? Kung nasasaktan man ito sa biglaang pagpapakasal ng kapatid niya, narito pa naman siya. Hinding-hindi niya iiwan si Johann.

Narito siya para sa lalaking pinakamamahal.

"Promise me, babalik ka?" Nagsusumamo ang tinig ni Camille habang nakatingin dito. Ngayon na ang alis ng binata patungong Amerika.

Lumuhod ito at itinaas ang baba niya. "Promise," malungkot na sabi nito.

Napahikbi siya. "M-mangako ka na babalik ka sa debut ko... please?"

Ngumiti ito sa kanya.

"And when I turned eighteen, liligawan mo na ako?" paniniyak niya.

Sa halip na sumagot ay bahaw na humalakhak ito, sabay gulo lamang sa kanyang buhok. Pagkatapos ay tumayo na ito at inilagay sa loob ng kotse ang mga bagahe.

"Johann, babalik ka, ha?"

"Promise, my little princess." Sumakay na ang binata sa kotse na maghahatid dito sa airport.

Muli siyang napaiyak. Pakiramdam niya ay unti-unting dinudurog ang puso niya nang mga sandaling iyon.

Iniisip pa lamang niya kung gaano katagal na mawawala si Johann ay para na siyang mamatay sa pagkainip. Pero hihintayin niya ito gaano man ito katagal bumalik.

Wala nang nagawa ang dalagita kundi ang umiyak nang umiyak. "Johann..."

# 4

Excited si Camille sa nalalapit niyang eighteenth birthday. Kay tagal niyang hinintay ang pagdating ng araw na iyon. Nangako si Johann na darating ito at umaasa siyang hindi siya nito bibiguin.

Dalagang-dalaga na siya ngayon. Bagaman maraming nagbago sa kanya sa pisikal na anyo, mula noon hanggang ngayon ay naroon pa rin ang pagtingin niya para sa binata. Ito pa rin ang nag-iisang itinatangi ng puso niya.

Kaya nga kahit na maraming nanliligaw sa kanya ay wala siyang pinag-aksayahan ng oras isa man sa mga iyon. Faithful ang puso niya kay Johann. Umaasa siyang sa pagdating ng tamang panahon ay liligawan siya nito. At ngayon na nga ang tamang panahon na iyon. Isang linggo na lang at eighteen years old na siya.

Muli niyang tinitigan ang mukha sa salamin. Napangiti siya sa nakita niyang reflection. Hindi naman siguro binobola lamang siya ng mga taong nagsasabing maganda siya. Nakikita rin naman niya ang katotohanang iyon. Ang sabi nga ng Ate Vicky niya, kung nagkasabay lamang silang magdalaga,

tiyak na mawawalan ito ng mga manliligaw dahil magpupuntahang lahat sa kanya.

Ngayon pa lamang ay pinanabikan na niya ang magiging reaksyon ni Johann kapag nagkita sila. Umaasa siyang kagaya ng marami ay magagandahan din ito sa kanya. Walang silbi ang mga papuri ng iba kung hindi naman niya mapi-please ang binata.

"Anak, hindi ka pa ba bihis diyan? Naghihintay na ang mga kaibigan mo para sa practice ninyo," narinig niyang tawag ng ina mula sa labas ng kanyang silid. Mag-eensayo sila ng mga kaibigan niya para sa kanyang cotillion.

"Ten minutes na lang!"

Habang nagpa-practice sila ng sayaw ay panay ang tudyuhan ng mga kaibigan niya sa kanya at kay Greg. Kasalukuyan siyang isinasayaw nito dahil ito ang magiging escort niya sa kanyang debut.

Classmate niya ito at matagal nang nanliligaw sa kanya. Mabait naman ito, matalino at guwapo rin. Pero noon pa man ay nilinaw na niya rito na hanggang pakikipagkaibigan lamang ang maaari nitong asahan sa kanya dahil may minamahal na siyang iba.

Nasasabik na siya sa muli nilang pagkikita ni

Johann. Mamaya ay mag-e-email siya rito para matiyak na talagang darating ito sa birthday niya.

---

Sumapit ang pinakaaasam ni Camille. Isang araw bago ang kaarawan niya ay dumating nga si Johann.

Parang kabayo na nakikipagkarera ang puso niya sa bilis ng pintig nito. Lalo na nang magkaharap na sila ng binata. Ilang sandali yata siyang naging speechless, wala siyang ginawa kundi ang titigan ito.

Kung guwapo na noon si Johann ay higit pa itong guwapo ngayon. Mas nagkaroon ng authority sa tindig at porma nito ngunit hindi pa rin nawawala ang boyish look nito na mas lalong nakadagdag sa appeal nito. Gusto niyang umiyak sa tuwa.

Parang hindi pa rin siya makapaniwalang heto at kaharap na niya ngayon ang lalaking kay tagal niyang inaasam na makita.

"Johann," sa wakas ay nasabi niya, hindi na niya napigilan ang pagpatak ng kanyang luha. Tuwang-tuwang niyakap niya ang binata.

"Dalagang-dalaga ka na," anito nang kumalas sa

kanya, hinawakan siya nito sa magkabilang balikat. "At napakagandang dalaga. Siguro marami kang manliligaw, ano?"

Napangiti lang si Camille.

"Hmm, sino ba sa mga masuwerte mong manliligaw ang boyfriend mo? Ipakilala mo ako at nang makilatis ko."

Nawala ang ngiti niya. Nakalimutan na ba nito ang sinabi niya noon? Hinding-hindi siya magbo-boyfriend ng iba dahil ito ang gusto niyang maging nobyo!

"Hay naku, hindi pa iyan papayagan ng daddy niya," singit ng mommy niya.

"Tita, dalaga na si Camille. Heto nga at mas matangkad pa siya sa inyo. Sabihin mo naman kay Tito Felix huwag siyang masyadong paghigpitan dahil good girl naman ito, di ba?" Kumindat pa ito sa kanya.

Pilit na ngiti lamang ang itinugon niya rito.

"Sabagay," anang kanyang ina na nakatawang tiningnan si Johann. "Ikaw, kumusta ka naman? Kailan ka ba mag-aasawa? You're not getting any younger, hijo. Ilang taon ka na ba?"

Napatawa si Johann. "Tita, kalabaw lang ang tumatanda. Saka hindi pa naman lumalampas sa kalendaryo ang edad ko. Pero huwag kayong mag-alala, sa Tuesday, susunod dito iyong girlfriend ko at ipapakilala ko siya sa inyo."

Parang tumigil sa pag-ikot ang mundo niya sa sinabing iyon ni Johann. Girlfriend? May girlfriend na ito?

"Talaga?"

"Yes, Tita. Medyo hindi lang niya kaagad natapos iyong trabaho niya, kaya hindi siya nakasabay. Ayoko namang masira ang ipinangako ko dito kay Camille kaya nauna na akong umuwi." Tinapunan siya nito ng tingin. "Kita mo naman kung gaano ka kaespesyal sa akin, ah."

Hindi siya umimik. Ang buong akala niya, magtatapat na sa kanya si Johann ng pag-ibig sa pagbabalik nito. Pero bakit nag-girlfriend ito ng iba?

"Kumusta naman ang mama at papa mo doon?"

"They're doing great. Para ngang mga bagong kasal sila palagi kung maglambingan. At pinipilit na nila akong mag-asawa."

"Nasasabik na sigurong magkaroon ng apo.

Kami nga ng Tito Felix mo ay nalilibang nang husto kapag dinadalaw namin ang mga apo namin kay Vicky."

"Kumusta na po pala si Vicky?"

"Nasa Cebu silang mag-asawa ngayon dahil um-attend sila ng convention. Nagtatampo nga ako dahil hindi pa iniwan dito iyong mga anak nila. Mamayang gabi na ang flight nila pabalik ng Maynila. Siyempre pa ay hindi naman palalampasin ni Vicky ang debut nitong kapatid niya."

Tumangu-tango si Johann saka muling tumingin sa kanya. "Parang kailan lang, uhugin at iyakin pa itong si Camille. Ngayon, dalagang-dalaga na."

Tahimik na tahimik lamang siya, pero ang totoo, gusto na niyang umiyak. Ang tagal niyang umasa, ang tagal niyang hinintay na maging ganap na dalaga sa pag-aakalang liligawan siya ni Johann. Iyon pala...

Nang hindi na niya kayang pigilan ang pagpatak ng kanyang luha, nag-excuse siya sa mga kausap at tumakbo patungo sa kanyang silid kung saan malaya niyang nailalabas ang lahat ng sama ng loob na nadarama niya.

Nabura ang lahat ng excitement na nadarama

niya para sa kanyang debut. Ano pa ang silbi ng lahat ng preparations, ng kanyang pagtuntong sa ganoong edad kung wala na naman pala siyang aasahan mula kay Johann?

"You're so unfair, Johann. Palagi mo na lang akong pinaaasa sa wala," umiiyak na daing niya. Napasubsob siya sa kanyang malaking unan.

---

"Bakit ang lungkot-lungkot mo? Hindi ka ba masaya sa napakaraming taong nagmamahal sa iyo, at heto at kasayaw mo pa ang pinakaguwapong lalaki sa buong mundo?" nakatawang biro ni Johann habang isinasayaw si Camille.

Maraming um-attend sa birthday party ng dalaga at talaga namang engrandeng-engrande iyon kahit na sa malawak na bakuran lamang nila iyon ginanap. Mistula siyang isang prinsesa sa kanyang kulay pink na gown. Nakikita niyang nag-e-enjoy ang lahat, lalung-lalo na ang kanyang mga kaibigan. Ngunit gustuhin man niyang maging masaya ay hindi na niya mapilit ang sarili na gawin iyon.

Nasira lahat ang mga ilusyon at panntasya niya ng katotohanang may girlfriend na si Johann.

Tumitig siya sa binata. Gusto niyang sabihin dito

na kahit na kailan ay hindi nagbago ang damdamin niya. Na hanggang ngayon ay siya pa rin ang batang musmos na umiyak sa pag-alis nito. Na hanggang ngayon ay hindi pa rin nagbabago ang damdamin niyang inakala nito noon na infatuation lamang.

Ngunit hindi kagaya noong bata siya, hindi na malakas ang loob niyang ipahayag dito ang nilalaman ng puso niya. Hindi niya maintindihan kung bakit kinakapitan na siya ng hiya. Siguro ay talagang kaakibat ng kanyang pagdadalaga ang ganoon.

Pinilit niyang ngumiti.

"Siguro hindi sumipot dito sa party mo iyong boyfriend mo, ano? Hindi siya tunay na lalaki kung natatakot siyang makaharap ang daddy mo."

"Wala naman akong boyfriend, eh," mahina niyang sabi rito.

Nanlaki ang mga mata nito. "Iyang ganda mong iyan? Ang tanga-tanga naman ng mga binatang nakakakilala sa iyo kung hindi ka nila nililigawan!"

Mapakla ang naging tawa niya. Kung nalalaman lamang sana nito kung sino ang gusto niyang maging boyfriend.

"Sana magustuhan mo iyong gift ko sa iyo," anito, pagkuwan ay hinapit ang baywang niya at tahimik siyang isinayaw. Hindi niya maintindihan kung anong sensasyon ang lumukob sa kanya nang mga sandaling iyon.

Pakiramdam niya ay dinadaluyan siya ng ilang boltahe ng kuryente dulot ng pagkakadaiti ng kanilang mga katawan. Bakit noon ay hindi naman niya nararamdaman ang ganoon kapag yumayakap siya kay Johann? Bakit ngayon ay parang iba ang pakiramdam ng katawan niya?

---

"Wow! Iyan ba ang regalo ni Johann sa iyo? Ang ganda naman niyan," sabi ni Mary sa anak kinabukasan.

Nagbubukas si Camille ng kanyang mga regalo at nakakulumpon sa kanya ang kapatid at mga magulang sa sala.

Isang necklace na may pendat na maliit na diamond ang regalo ng binata sa kanya. Nakangiting isinuot niya iyon.

"Bagay na bagay sa iyo, ah," anang kanyang amang si Felix. Naupo ito sa tabi niya at inakbayan siya. "Ngayong dalaga ka na, sana naman ay hindi

mo ako bibigyan ng sakit ng ulo na kagaya ng sakit ng ulong ibinigay sa amin ng ate mo." Nakangiti ito sa kanya.

"Dad, naman! Bakit naman nadamay pa ako diyan?" nakairap na sabat ni Vicky. Doon ito nagpalipas ng magdamag sa kanila, kasama ng mga pamangkin niya. Ang asawa nito ay nauna nang umuwi ng bahay dahil may bisita raw na inaaasahan.

"At bakit hindi? Hindi ba puro sakit ng ulo ang ibinibigay mo sa amin noon ng mommy mo?"

"At least, nakatapos ako ng pag-aaral bago ako nag-asawa!" proud pang sabi ng kanyang kapatid.

"Aba at parang dapat pa pala naming ipagpasalamat iyon sa iyo?" Nagtawanan ang mga ito.

Hindi naman umiimik si Camille. Wala sa kuwentuhan ng mga ito ang isipan niya. Mas lalong wala sa mga regalong binubuksan niya.

Two days from now ay darating na ang kasintahan ni Johann. Ngayon pa lamang ay parang mamatay na siya sa selos. Bakit ba sa kabila ng pananakit ng damdamin na ginagawa sa kanya ng binata ay hindi niya makuhang tuluyang magalit dito?

Alas siete ng gabi. Maagang nagsipagtulugan ang parents ni Camille, dala marahil ang puyat at pagod noong nakararaang gabi.

Ngunit hindi pa siya dinadalaw ng antok. Binuksan niya ang bintana ng kanyang silid. Mula roon ay natatanaw niya ang bahay ni Johann.

Mag-isa na lamang itong nakatira roon dahil hindi na bumalik ang dating kasambahay nitong si Lydia. Gayunpaman, tuwing makalawa ay nagtutungo roon ang asawa ng caretaker niyon na si Mang Gusting para linisan ang bahay at ipaglaba ang binata.

Ilang panahon din siyang walang ginawa kundi ang pagmasdan ang bahay na iyon, umaasang isang araw ay darating ito. Ngayong nagbalik na ang binata, wala pa ring pinagkaiba. Nalulungkot pa rin siya. Naririto nga si Johann ngunit hindi naman niya pag-aari ang puso nito.

Hindi na niya napigilan ang pagpatak ng luha. Bakit ba palagi siyang wrong timing? Noong available ito, bata pa siya. Ngayon namang dalaga na siya, taken na si Johann.

Kailan ba magtutugma ang kanilang mga puso?

"Camille..."

Napatingin siya sa ibaba. Naroroon si Johann, nakatingala sa kanya. Mabilis niyang pinahid ang luha sa mga pisngi. Nakita niyang sumenyas ito; pinabababa siya.

Nagmamadali niyang pinuntahan ito. Nakaupo si Johann sa silyang bakal sa lanai nila nang datnan niya.

"Maaga yatang nagsipagtulugan ang mga tao rito," nakangiting bati nito.

"Napagod kasi sila kagabi."

"What about you?"

"H-hindi ako dalawin ng antok," mahinang sagot niya. Gusto na niyang sapakin ito at nang matauhan. Bakit ba ang manhid-manhid nito? Ni hindi yata ito nakakahalata sa nararamdaman niya.

"Mabuti naman at nang may makakakuwentuhan ako. Nakakainip kasi sa bahay, wala akong makausap." Tinapik nito ang katabing espasyo. "Upo ka dito, magkuwentuhan tayo, kagaya noong dati..."

Tahimik na sinunod niya ito.

"Five years lamang akong nawala pero ang laki na ng ipinagbago ng lugar na ito. Iyong bahay na lang namin yata ang walang ipinagbago. Kahit ang mga tao rito, nag-iba na rin. Si Vicky nga kamuntik ko nang hindi makilala. Kung dati ay ang payat-payat niya, ngayon naman ay..." Tumawa ito saka napailing.

Paano bang hindi siya mai-in love sa lalaking ito? Kahit saang anggulo niya tingnan ay talagang napakasimpatiko nito.

"At ikaw, ang tangkad-tangkad mo na samantalang noong umalis ako, ang liit-liit mo pa. Ang bilis talaga ng panahon, ano?"

Hindi niya alam kung guni-guni lamang niya o totoong nakikita niya ang piping pananabik sa mga mata nito habang tinitingnan siya. Parang may pumitik na kung ano sa puso niya. Gustung-gusto niya itong lapitan, hawakan ang mga kamay nito at halikan ang pisngi nito. Gusto niyang maramdaman nito kung ano ang nilalaman ng puso niya.

Kung sana ay katulad pa rin siya ng dati na walang takot. Kung ano ang gusto niyang gawin at sabihin ay nagagawa niya nang walang pag-

aalinlangan.

"Camille?" kunot-noong untag ni Johann nang mapansing tila nawawala siya sa sarili. "May problema ba?"

Napakurap-kurap siya. "Wala. May naalala lang ako."

Ngumisi ito. "Siguro naalala mo ang mga kalokohan mo noon, 'no? Natatandaan mo pa ba noong magpadala ka sa akin ng bulaklak at sabihin mo sa aking liligawan mo ako?"

Nag-blush siya. Hindi niya malaman kung mahihiya o matatawa sa kalokohan niyang iyon.

Kung nalalaman lamang ni Johann na hanggang ngayon naman ay hindi pa rin nagbabago ang damdamin niya para rito… na siya pa rin ang dating Camille na hibang na hibang dito, ano kaya ang magiging reaction nito? Malamang ay pagtatawanan lang siya nito.

"Alam mo kung ngayon mo sasabihin sa akin iyon, baka samantalahin ko na ang pagkakataong iyon."

Kung nagkataong nakatayo siya, malamang natumba na siya sa panghihina ng kanyang

mga tuhod. Napaawang ang kanyang mga labi. Nagtatanong ang kanyang mga mata nang tingnan ito.

Tila naman nagulat si Johann sa sarili. Nakita niya ang pamumula ng mukha nito.

"Ang ibig kong sabihin, kung naging iba lang ako, baka nag-take advantage na ako noon."

"Johann..." Tumikhim siya. Parang may bumabara sa kanyang lalamunan kaya hindi niya magawang ituloy ang sasabihin. Huminga siya ng malalim. "M-mahal mo ba iyong girlfriend mo?"

Natigilan ito, mayamaya ay napatawa. "Siyempre naman. Liligawan ko ba si Armi kung hindi ko siya mahal? Bakit mo naman naitanong iyon?"

Umiling siya. Parang tinutusok ng karayom ang puso niya. Bakit ba naitanong-tanong pa niya iyon? At bakit ba hindi niya mapigilang umasa?

Hindi na marahil darating ang araw na sasabihin sa kanya ni Johann na mahal din siya nito. Dapat na niyang tanggapin ang katotohanang iyon.

She wanted to cry. Gusto niyang ilabas ang lahat ng sakit ng kaloobang nadarama niya. Pero hindi niya gagawin iyon. Hindi na siya bata. Dapat

na niyang bigyan ng paggalang ang sarili.

"Kailan nga pala ang balik mo sa Amerika?" tanong niya, nagpapasalamat siyang kayang-kaya niyang kontrolin ang kanyang emosyon ngayon.

"Bakit naman gusto mo na kaagad akong paalisin?" biro nito.

*Para hindi na ako masaktan pa!* "Naisipan ko lang namang itanong," sagot niya.

"One month siguro ako rito, ipapaayos ko pa kasi iyong bahay namin dahil hindi na magandang tingnan iyong bubong. Saka ang sabi ni Mang Gusting, marami na raw anay iyong kisame."

"Si A-Armi, magtatagal ba siya rito?"

"One week lang siya, bibisitahin lang namin iyong lolo niya sa Ilocos. Matagal na raw kasi niyang hindi nakikita." Tumingin ito sa kanya. "Sayang, kung wala ka lang sanang klase puwede ka naming isama r'on!"

Mapakla ang naging ngiti ni Camille. Mas lalo lamang siyang magmumukhang kawawa kung ipagsisiksikan pa niya ang sarili rito.

"M-medyo inaantok na ako. Gusto ko pa sanang makipagkuwentuhan sa iyo kaya lang, may pasok

ako bukas," aniya. Ang totoo ay hindi na niya kayang pigilan pa ang pagpatak ng luha. Tumayo na siya. Akmang papasok na siya sa loob ng bahay nang hawakan ni Johann ang isang braso niya.

"Camille..." May caress sa tono ng pagbanggit nito sa kanyang pangalan, mas lalo tuloy iyong nakaragdag sa tension na nadarama niya.

Napakunot-noo siya. Kung pakikinggan niya ang naririnig niyang isinisigaw ng puso niya, maniniwala siyang ang nakikita niya sa mga mata ni Johann habang nakatitig sa kanya ay pag-ibig din. Isang piping pag-ibig na kagaya niya ay walang lakas ng loob na maisatinig.

Ngunit alam niyang guni-guni lamang niya iyon. Noon pa man ay nabubuhay siya sa isang ilusyon. Ngayon, dapat na siyang magising.

"Bakit?" matabang na tanong niya.

Hindi umimik si Johann. Matagal na nananatili lamang itong nakatitig sa kanya. Mayamaya, binitiwan nito ang kamay niya at tahimik na tinalikuran siya.

Nagtatakang pumasok na siya sa loob ng bahay.

Kinabukasan, sinadya ni Camille na hindi lumabas ng kanyang silid matapos umuwi galing sa universidad na pinapasukan. Alam niyang nasa salas si Johann at kausap ng kanyang ina. Gusto niya itong iwaksi sa kanyang isipan at magagawa lamang niya iyon kung iiwasan na niya ito.

Isa pa, kung makikipaglapit na naman siya rito, mas magiging masakit lang sa kanya ang muling pag-alis nito. Ngayon pa lang ay kailangan na niyang ikondisyon ang sarili sa pagkawala nito.

"Nakaalis na ang pinagtataguan mo, hindi ka pa ba lalabas diyan?" dinig niyang tanong ni Yaya Trining mula sa bahagyang nakaawang na pinto ng kanyang silid.

Tinatamad siyang bumangon.

"Ano na naman ba'ng problema mo, ha?" bati nito. Umiling siya. "Asus, at bakit mukhang nag-iba ang ihip ng hangin? Hindi ba ang tagal-tagal mong hinintay ang pagbabalik ni Johann? Ngayong narito na siya, bakit hindi mo samantalahin ang pagkakataon na makasama at makausap siya nang matagal-tagal?"

"May girlfriend na si Johann, Yaya," parang batang daing niya. Isinubsob niya muli ang mukha

sa kama. "Mas nasasaktan lang ako..."

Napailing na lang ito.